

Patnubay sa suporta para makatulong sa pamumuhay

※ May 1 2020 kasalukuyan, at maaaring mabago sa anumang oras.

Kung mangailangan ng PERA (pang gastos sa kabuhayan at pondo sa negosyo)

1. HOUSING SECURED BENEFIT (upa o renta)

p.1

Pinalawak na magbigay ng tiyak na halaga ng upa para sa mga taong nag-aalala na mawalan ng tirahan, dahil sa sitwasyon ng pagkawala ng trabaho at negosyo, at sa mga nawalan ng kita sa pagsarado ng kompanya.

2. EMERGENCY SMALL FUNDS / GENERAL SUPPORT FUNDS (Gastos sa pamumuhay)

p.2

Tutugunan ang mga kailangan gastos sa pamumuhay sa mga nag-aalala dahil nawalan ng trabaho o nagsara ang kompanya dahil sa epekto ng impeksyon ng coronavirus.

3. SUSTAINABLE BENEFIT (malaki at maliit na kompanya, at sa mga indibidwal na negosyante)

p.3

Magbibigay ng benipisyo na magagamit sa kompanya at mga negosyo, upang muling makaahon at maipatuloy ang negosyo, lalo na sa mga kompanya at negosyanteng naapektuhan ng malaki sa paglaganap ng impeksyon ng coronavirus.

4. NO INTEREST / NO COLLATERAL LOAN (pondo sa negosyo)

p.4

Nagpapahiram ng walang interest at kolateral sa mga pribadong negosyante kabilang na ang freelancer na bumagsak ang negosyo dahil sa epekto ng impeksyon ng coronavirus.

5. SPECIAL FIXED CASH BENEFIT

Makakatanggap ng cash benefits JPY100,000 ang bawat tao na nakarehistro sa basic resident record ng (April 27,2020).
*ang deadline ng aplikasyon ay 3 buwan mula sa araw ng aplikasyon.

6. SPECIAL BENEFITS SA BAHAYAN NA NAG-AALAGA NG BATA (Sambahayan nag-aalaga ng bata)

Bibigyan ng (temporary) allowance na special benefit, ang mga tumatanggap ng child allowance (regular benefit) bilang isang hakbang na suportahan ang buhay ng mga kabahayan na nag-aalaga ng bata na apektado ng impeksyon ng coronavirus.

7. SOCIAL INSURANCE AND OTHERS PAYMENT DELAY

Maaaring payagan na ma-delay o matagalan ang mga bayarin, tulad ng bayad sa tax, utility at mga insurance, bilang isang hakbang sa emergency sa mga taong nag-aalala sa kanilang pamumuhay.

8. INDEPENDENT CONSULTATION SUPPORT FOR LIVING OF THE NEEDY

Nagbibigay ng suporta ayon sa kalagayan ng bawat isa, sa mga mahihirap at nangangailangan sa pamumuhay, at may ibat-ibang problema.

9. WELFARE (suportado ng gobyerno ang pamumuhay)

Nagbibigay ng proteksyon sa mga kailangan, tulad ng bayad sa tirahan, hirap sa gastusin, bilang layunin na masukat ang pagtulong at seguridad sa mababang pamumuhay, sa mga taong hirap sa kasalukuyan.

[Paalala] Para sa 5-9 sa itaas, mangyaring makipag-ugnayan sa Kanagawa Foreign Resident Support Center.

HOUSING SECURED BENEFIT (upa o renta)

Sa mga naapektuhan ng malaki batay sa sitwasyon ng impeksyon ng coronavirus, Pinalawak na magbigay ng tiyak na halaga ng upa para sa mga taong nag-aalala na mawalan ng tirahan, dahil sa sitwasyon ng pagkawala ng trabaho at negosyo, at sa mga nawalan ng kita sa pagsarado ng kompanya.

HOUSING SECURED BENEFIT

kasali sa benepisyo (kasalukuyan)

*Mga taong nawalan ng trabaho at nagsara ang negosyo sa loob ng 2 taon

Pagtapos mapalawak

*Mga taong nawalan ng trabaho at nagsara ang negosyo sa loob ng 2 taon

*Mga nasa parehong sitwasyon na nawalan ng trabaho at nagsara ang negosyo, kung saan ang pagkakataong makakuha ng suweldo, atbp ay dapat na maiugnay sa taong naapektuhan, at bumaba ang kita ng di maiiwasan.

MGA KASALI Mga nawalan ng trabaho at nagsara ang negosyo sa loob ng 2 taon, mga nabawasan ang kita dahil suspende ang negosyo , at parehong kalagayan na nawalan ng trabaho atbp.

PANAHOON NG BAYAD 3 buwan ang prinsipyo (posibleng humaba ng 3 buwan kung naghahanap mabuti ng trabaho(hanggang 9 na buwan)

HALAGA NG BAYAD (standard sa special ward ng Tokyo) single household: 53,700 yen, 2 sa bahay: 64,000 yen, 3 sa bahay: 69,800 yen

MGA KAILANGAN

- Kinakailangan ng kita: Ang kabuuang halaga ng kita ng sambahayan ay bukod sa bawat rate ng municipal tax at hindi lagpas sa 1/12 na sweldo + bayad sa renta. (standard sa special ward ng Tokyo). Single household: 138,000 yen, 2-tao sa bahay: 194,000 yen, 3-tao sa bahay: 241,000 yen
- Kinakailangan ng assets: Ang halaga ng ipon ng sambahayan ay di lalagpas sa 504,000 yen: single, 780,000 yen: 2 tao, 1,000,000 yen: sa 3 tao. (bastat di lagpas sa 1,000,000 yen)
- Kinakailangang maghanap ng trabaho: gawing mabuti at pursigidong maghanap ng trabaho
*Hindi na kailangang mag-apply sa Hellowork para sa application (April 30-)



- Para sa mga kakatanungan at aplikasyon

[Independence consultation support institution ng munisipyo ng tirahan](#)

Listahan ng national contact <https://www.mhlw.go.jp/content/000614516.pdf>



EMERGENCY SMALL FUNDS / GENERAL SUPPORT FUNDS (Gastos sa pamumuhay)

Ang social welfare council ng bawat prefecture ay nagbibigay ng ispesyal na tulong o pondo, sa mga taong nangangailangan dahil nawalan ng negosyo at trabaho ayon sa epekto ng impeksyon ng coronavirus.

EMERGENCY SMALL FUNDS (sa mga kailangan ng pansamantalang pondo [lalo na nagsarang negosyo])

Nagpapahiram ng maliit na halaga sa oras ng kagipitan at pansamantalang nahihirapan sa pamumuhay sa ngayon.

Mga kasali Mga sambahayan na kailangan ng pondo para mapanatili ang pamumuhay sa pansamantalang oras ng kagipitan, dahil sa kaunting kita ayon sa pagkawala ng trabaho at iba pa, na apektado ng impeksyon ng coronavirus.

*Kasali din ang mga bumaba ang sahod o kita, kahit na di nagsara ang kompanya dahil sa apekto ng coronavirus.

Maximum loan ng pondo 200,000 yen pababa, sa mga special case tulad ng mga negosyante, walang pasok sa school at iba pa at 100,000 sa iba pang klase.

Panahon ng bayad sa loob ng 1 taon

Panahon ng palugit sa loob ng 2 taon **walang guarantor at interes** **walang tubo/ di kailangan**

GENERAL SUPPORT FUNDS (sa mga kailangang makaahon sa pamumuhay [lalo na sa nawalan ng negosyo])

Mga pondo na panggastos sa pamumuhay na kailangan pansamantala hanggang makaahon sa pamumuhay.

Mga kasali Mga sambahayan na nahihirapan na mapanatili ang pamumuhay sa araw-araw, dahil sa nawalan ng trabaho at bumaba ang kinikita dahil sa epekto ng impeksyon ng coronavirus.

*Kasali din ang mga bumaba ang sahod o kita, kahit na di nawalan ng trabaho dahil sa epekto ng coronavirus.

Maximum loan ng pondo 200,000 yen pababa, kada buwan (hanggang 2 tao)
150,000 yen pababa, kada buwan (sa single) (loan period: 3 buwan ayon sa batas)


Panahon ng bayad sa loob ng 1 taon

Panahon ng palugit sa loob ng 10 taon **walang guarantor at interes** **walang tubo/di kailangan**

※1 Sa espesyal na panukalang ito, maaaring maging exempted sa panahon ng palugit ang pagbabayad ng resident tax sa mga patuloy na bumababa ang kita.

※2 Maximum 200,000 yen muna ang papautang sa maliit na pondo, kung ang kita ay patuloy na bumaba atbp, maaaring manghiram sa general support fund ng 200,000 sa 3 buwan ang 2 tao sa sambahayan. (maximum 800,000 yen)

DALUY SA PRUSESO NG LOAN



● Consutation call center para sa mga katanungan

0120-46-1999 * 9:00-21:00 (pati na Sat. Sun. at holidays)

● Ang application ay sa Social welfare council ng Munisipyo ng tirahan o di kayay sa Labor union



*Maaaring ipadala ang application sa post office.

*May nakalagay sa HP/ website ng mga prefecture na mga (list) at links ng mga baranggay sa website ng city at prefecture.

Paki tignan ang QR code sa kanan. Kung hindi makita, paki search sa internet ang website para mahanap.

SUSTAINABLE BENEFITS

Magbibigay ng benipisyo na magagamit sa kompanya at mga negosyo, upang muling makaahon at maipatuloy ang negosyo, lalo na sa mga kompanya at negosyanteng naapektuhan ng malaki sa paglaganap ng impeksyon ng coronavirus.

■ Kasali sa benefits

- Mga negosyanteng bumaba ng 50% ang kita sa 1 buwan kumpara nung nakaraang taon, Dahil sa epekto ng impeksyon ng coronavirus.

*Hindi kasali ang malaking kompanya na may capital na higit sa 1 billion. Maliban lamang sa social corporation, malawak at angkop ito sa mga small at mid corporation, pribadong negosyante at mga corporation ng medical, agricultural at NPO ay kasali dito.

■ Halaga ng benefits

2 milyon yen para sa mga korporasyon at 1 milyon yen para sa mga pribadong negosyo. (Gayunpaman, ang maximun na halaga ay mula sa binaba ng mga benta sa nakaraang taon.)

Paraan ng pagkalkula sa binaba ng benta o kinita

Last year total sales (business income) – (same month last year sales ▲ 50% monthly sales x 12 months)

* Ang unit ng halaga ay 100,000 yen, hindi kabilang kung may fraction o hati na mababa sa 100,000 yen.



- Para sa mga katanungan

Small and mid enterprise financial / benefit consultation service 0570-783183

- Weekdays, Saturday, Sunday at holidays 9:00- 19:00

May mga konsiderasyon tungkol sa mga detalye sa sistemang ito, Ang panahon at simula ng mga aplikasyon, at mga kailangang impormasyon sa pag-aapply at maraming katanungan, at pangunahing ideya ay nakalagay sa HP o website ng

Ministry of Economy, Trade and industry.

Paki tignan ang URL sa ibaba o di kayay QR code sa kanan.

<http://www.meti.go.jp/covid-19/>



NO INTEREST / NO COLLATERAL LOAN (pondo sa negosyo)

Nagpapahiram ng walang interest at kolateral sa mga indibidwal na may negosyo kabilang na ang freelancer na bumagsak ang negosyo dahil sa epekto ng impeksyon ng coronavirus.

Sa paggamit ng sabay na [special loan sanhi ng impeksyon sa coronavirus] at [special interes supply system] Mabibigyan ng ilang tulong sa mga pondo para sa negosyo na halos walang interes.

Special loan sanhi ng impeksyon sa coronavirus

- ◆ Dahil sa epekto ng nakakahawang sakit na coronavirus, pansamantalang napinsala ang mga negosyo (ang benta sa nakaraang buwan ay nabawasan ng 5% o higit pa kumpara sa parehong panahon ng 2019 at 2018) Nagtatag kami ng isang sistema ng mga pautang para sa mga negosyo (kabilang ang mga freelancer na may potensyal na negosyo) Ang rate ng interes ay nakatakda kahit anuman ang utang at collateral, at ang rate ng interes ay mababawasan ng 0.9% sa loob ng 3 taon pagkatapos ng pautang.

* Ang mga nagmamay-ari (kabilang ang mga freelancer na may potensyal sa negosyo, limitado sa mga maliliit na kumpanya) ay kailangang magpaliwanag ng mahusay tungkol sa epekto.

Paggamit ng pondo kapital sa pagpapatakbo, at mga kagamitan **may kolateral/** walang kolateral

Lending period | Kagamitan sa loob ng 20 taon, operating sa loob ng 15 taon **panahon ng palugit/** sa loob ng 5 taon

Credit amount limit (ibang papel) | Small and mid business 300 million yen, national business 60 million yen

Interes rate | paunang 3-taon base interest rate ▲ 0.9% , ika-4-taon patuloy base interest rate

(Maximum rate cut: 100 million yen sa small business, 30 million yen sa national business)

● Weekday consultation



Japan Government Finance Corporation Financial consultation dial: 0120 -154-505

Okinawa Promotion development Financing 2nd Section SME Financing 1st Group: 098-941-1785

● Saturdays, Sundays and public holidays consultation

Japan Policy Finance Corporation: 0120-112476 (National Business), 0120-327790 (Small/mid business)

Okinawa Development Finance Corporation: 098-941-1795

Special interes supply system



Hindi pa nagtatanggapan ng aplikasyon. Ipapaalam agad sa publiko kapag nalaman ang mga detalye tungkol sa mga paraan, at kailangan sa aplikasyon.

Magbibigay ng tulong sa pagpapahiram muli ng pondo ang Japan Finance corporation ng [interes supply] sa mga pribadong negosyante (pati mga freelancer na negosyante) ng nakahiram sa [Special loan sanhi ng impeksyon sa coronavirus].

Interes supply period | 3 taon pagkatapos ng paghiram sa una

Interes supply maximum | Small/middle business 100 million yen, national business 30 million yen



● SME Small/Middle Enterprise Finance. Benefits consultation window

0570-783183

(weekdays and holidays 9:00 to 17:00)